# SAPAGKAT LAGI TAYONG PINAGMAMAMADALI

Mark Anthony S. Salvador

"Why has the pleasure of slowness disappeared? Ah, where have they gone, the ambers of yesteryear? Where have they gone, those vagabonds who roam from one mill to another and bed down under the stars?"— *Slowness* ni Milan Kundera

"[T]o pursue a slow lifestyle is a protest against the commodification of time and dehumanization of people."
— *Why Life is Fast: A Sociology of Time* ni Jayeel Cornelio

# LUNES

Hindi niya muli napagkasya
sa isang araw ang lahat:
pahinga, pakikipaglaro sa mga anak,
pakikipagkuwentuhan sa mga kapitbahay,
pagdaíng sa kabiyak hinggil
sa paghirap ng trabaho,
pangangarap samantalang
nagkakape't naninigarilyo.

Kaya Lunes ng umaga, pagkabalik
sa Kamaynilaan mulang probinsya,
samantalang sagsag ang lakad
ng lahat ng mga paa,
at sa mga terminal ay kay hahaba ng pila,
kandila siyang itinulos sa bangketa,
nakatulala sa dahan-dahang pagsungaw
ng kahel na mukha ng araw.

# TO-DO LIST

Mahaba ang kanyang listahan kada araw—
nagsalansang trabaho
sa paaralang pampubliko,
nagpilang manuskrito
na kailangang iwasto.
Lumilipas ang bawat araw
na may mga gawaing hindi naeekisan,
at nadaragdagan ang bigat
ng kanyang mga talukap.

Gusto niyang magbasá ng aklat ng tula,
makipaglaro sa kanyang pusa,
sumayaw sa paborito niyang mga kanta,
balikan ang paborito niyang mga pelikula,
isang oras na magsiesta,
subalit nakadagan sa kanyang balikat
ang bigat ng mahabang listahan.

Madalas, sa panaginip, kaharap niya
ang makapal na salansan ng papel sa mesa,
at nakakadena sa paa ng silya
ang kaliwa niyang paa.

# SA TAWIRAN

Nag-aapura ang Lunes ng umaga:
waring may tinutugis ang mga paa,
nagbabanggaan ang mga busina,
ang lahat ay naghahabol ng hininga.
Subalit sa mga mata niya,
ang lahat ay bumagal
matapos pahintuin ng opisyal
ang nagmamadaling mga sasakyan
dahil may kailangang patawirin—
marungis na pusang itim
na may kagat na kuting.

# BOOKSALE

Nasa loob ng mall
ngunit wala sa loob ng mall,
hindi niya naririnig dito
ang nagsasalimbayang ingay
ng mga hakbang, sigaw, tawag,
kuwentuhan, halakhak.
Wala ang ingay ng mga hindi maláy
na laberinto ang pinasukan,
at ngayon ay hindi nila matagpuan
ang daan palabas.

Kalabisan bang sabihin
na samantalang nakasalampak
sa kay lamig na sahig,
para siyang nagsasarili sa paboritong
lilim ng punò sa malayo nilang nayon?

# MEDITASYON

Pinipilit akó ng aligagang daigdig
na pagsabayin sa mga saglit
ang mga gawain:
pag-isipan ang iluluto habang naliligo;
magrebyu para sa pagsusulit
samantalang kumakain.
Sinisita ko ang sarili
tuwing napapatagal sa pagmumuni
sa madaling-araw habang nagkakape,
tuwing napapatagal sa pangangarap
habang nakatitig sa kapirasong kalangitan.

Sa una kong mga tangkang
pasukin ang sining ng meditasyon,
sinalubong akó ng bigat ng pagkabagot.
Sikaping blangko lámang ang isip
samantalang nakaupo, nakapikit.
Huminga lang nang huminga,
hayaan ang paglabas-masok ng hangin.
Hindi sanay sa repetetibong gawain.

Makalipas ang ilang buwan,
nadarama ko na ang saglit na paglisan
ng aking diwa sa aking katawan.
Naglalakad akó sa payapang dalampasigan,
sa malilim na bahagi ng kagubatan,
sa kumakantang mga palayan.

Sa paglisan ko saglit sa aking katawan,
nililisan ko rin ang kalunsuran
na punô ng nagmamadaling mga paa,
at ang mga tao ay hindi na
nagagawang umindak sa musika.

## SINO BA ANG AAYAW SA MAKUKUPAD NA UMAGA?

Palasak ngayong 2024 sa social media ang terminong "slow mornings." At malimit, sinasabi sa mga paskil na ang "slow mornings" ang isa sa tunay na mga luho sa búhay. Bagama't may púnto naman ang gayong mga paskil, maitatanong: "Luho nga ba dapat ang mga ito o karapatan?"

Nakasandig sa estado sa lipunan at kalagayang panlipunan ang kupad ng umaga. Hinggil sa una, kung ang isang indibidwal ay karaniwang manggagawa na sumasahod ng minimum wage, P610 kada araw, mapipilitan siyang tumanggap ng dagdag na trabaho gaya ng overtime at mga raket, primaryang salik kaya magmamadali siya sa kada umaga. Ang una ay pinapatindi at/o iniluluwal ng ikalawa. Dahil sa neoliberalismo sa Pilipinas na sanhi kaya bagsak ang serbisyong pangkalusugan, serbisyong pang-edukasyon at iba pang batayang serbisyo, kailangang magkayod-kalabaw ng mga Pilipino, sapagkat ang tungkulin ng gobyerno sa taumbayan ay ipinapasa na mismo nito sa taumbayan. Bukod dito, dahil sa mababang pasahod, mataas na buwis at mataas na presyo ng pangunahing mga bilihin, na pawang mga supling ng kalagayang panlipunan, hindi nakakahulagpos sa kahirapan ang maraming Pilipino.

Sa higit na maraming pagkakataon, walang opsyon ang marami sa atin kundi magmadali. Malimit tayong nagmamadali sapagkat kailangan nating "sulitin" ang oras para kumita ng mas maraming ng pera. Napupuna ang sinumang babagal-bagal at mahilig tumulala. At problematiko ang pakahulugan natin sa salitang "produktibo." Ang pagbabasá ng libro, pagpapahinga at pakikipagkuwentuhan ay mga bagay na hindi ituturing na produktibo ng karamihan sa atin kahit pa ang mga nabanggit ay mahalaga para sa pagpapahinga ng isip at katawan, na mga kahingian para maging mas produktibo.

Sa maiksing sabi, ang kawalan ng makupad na umaga o pagiging bihira nito sa búhay ng laksang Pilipino ay hindi simpleng bunga lámang ng pagpapasya—na pinipili lámang ng marami na magmadali at hindi damhin ang kada umaga—kundi dambuhalang manipestasyon na ang mga Pilipino ay biktima ng marahas na sistemang panlipunan na nagtuturing sa atin bilang mga makina.

Makatuwiran ang lipunang ang bawat isa sa atin ay nabibigyan ng panahong hindi magmadali, halimbawa ay maupo sa balkonahe para damhin ang dahan-dahang paglatag ng umaga, tumanga habang nagkakape para panoorin ang paglubog ng araw, damhin ang himig ng ulan, at umindak saglit o magbasá ng kahit isang tula kahit pa Lunes ng umaga. Marapat na ang mga ito ay hindi pribilehiyo, kundi karapatan.

Ang munting kalipunang ito, “Sapagkat Lagi Tayong Pinagmamadali,” ay kritisismo ng may akda sa kasalukuyang sistema na hindi nagtuturing sa mga Pilipino bilang mga tao sa pamamagitan ng pagkakait sa ating damhin ang mga saglit, hindi lámang ang makukupad na umaga.